515



# *"KAPIT SA PAMALO"*
# MGA KONSEPTO AT SALOOBIN NG MGA PRESCHOOLER MULA SA DALAWANG DAY CARE CENTER NG DASMARIÑAS, CAVITE AT ANG EPEKTO NITO SA PAGKILING NILA SA KANILANG MGA MAGULANG

05163

0 5 APR 2003

Isang Tesis na Iniharap sa
Kagawaran ng Agham Panlipunan
Dalubhasaan ng Sining at Agham
Pamantasang De La Salle - Dasmariñas

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa Pangangailangan
Para sa Titulong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

Nina

*Joan I. De Castro*
*Ivory Valerie M. Tabuac*

Marso 1997

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

# ABSTRAK

**Pangalan ng Institusyon:** Pamantasang De La Salle - Dasmariñas

**Lokasyon:** Dasmariñas, Cavite

**Titulo:** *"KAPIT SA PAMALO" - MGA KONSEPTO AT SALOOBIN NG MGA PRESCHOOLER MULA SA DALAWANG DAY CARE CENTER NG DASMARIÑAS, CAVITE AT ANG EPEKTO NITO SA PAGKILING NILA SA KANILANG MGA MAGULANG.*

**Mga Mananaliksik:** De Castro, Joan I. at Tabuac, Ivory Valerie M.

**Pinagkunan ng Pera:** Magulang at Baon **Halaga:** P17,000

**Petsang Sinimulan:** Oktubre 1996 **Petsang Natapos:** Marso 1997

**MGA LAYUNIN NG PAG-AARAL:**

**A. PANGKALAHATANG LAYUNIN:**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang mapag-aralan ang kapasidad ng pag-iisip ng mga batang nasa apat hanggang anim na taong gulang: kung papaano nila nauunawaan at kung ano ang alam nila sa salitang pamamalo; ano ang nararamdaman nila kapag sila ay napapalo, at kung ano ang epekto ng pamamalo sa relasyon at pagkiling nila sa kanilang mga magulang.

**B. MGA TIYAK NA LAYUNIN:**

1. Malaman kung anu-ano ang mga konsepto ng mga preschooler tungkol sa pamamalo.

2. Mailatag ang mga naitatagong nararamdaman ng mga preschooler sa kanilang saloobin ukol sa pamamalo.

3. Mabatid kung ano ang epekto ng pamamalo sa pagkiling ng mga preschooler sa kanilang mga magulang.

**METODOLOHIYA:**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptong disenyo upang maglahad ng ilang mahahalagang impormasyon tungkol sa pamamalo. Gumamit din ng ginabayang talakayan sa wikang Filipino sa pakikipanayam ng mga mananaliksik sa mga batang kalahok mula sa Poblacion at Sabang Day Care Centers, sa Dasmariñas, Cavite, na binubuo ng isandaan at dalawampu (120). Ang mga kalahok ay pinili sa pamamaraang purposive at convenient sampling na kung saan sila ay pinili mula sa mga Day Care Center na may gulang na apat hanggang anim na taon.

**MGA PANGUNAHING NAPAG-ALAMAN:**

Sa ginawang pag-aaral at pakikipanayam sa mga batang ito ay napag-alaman na ang konsepto ng mga kalahok sa pamamalo ay isang hampas ng kamay, tsinelas, sinturon, hanger o anu mang bagay sa kahit saang parte ng kailang katawan. Ito rin ay masakit, nakaka-iyak at mayroon ding sumagot ng "aray". Ayon sa kanila, ito ay bagay na masama. Kalimitan sa mga kalahok ay hindi sumasama ang loob sa magulang na namamalo o malimit mamalo sa kanila.

**KONKLUSYON:**

Mula sa mga impormasyong natipon, napag-alaman na hindi maganda ang pag-unawa ng mga kalahok sa pamamalo dahil ito ay nagdudulot ng sakit. Pinatutunayan lamang ito na wala pang kapasidad ang mga batang sa nasabing edad na bumuo ng tamang konsepto. Napagtanto rin ng mga mananaliksik na ang pamamalo ay isang anyo ng pagdidisiplina na maaaring mapaglayo ang kalooban ng mga bata sa kanilang mga magulang at maaaring maging daan upang kumiling ang mga bata sa isa sa kanyang mga magulang. Sa pag-aaral na ginawa, nabatid na ang

Oedipus at Electra Complex ay hindi umiiral sa mga batang kalahok dahil babae man o lalaki ay mas maraming pumipili sa kanilang mga nanay.

**REKOMENDASYON:**

Nais irekumenda ng mga mananaliksik ang ginawang pag-aaral na ito sa mga susunod pang mag-aaral na interesado sa paksang ito upang madagdagan pa ang mga kaalamang tulad ng kung epektibo ba ang pamamalo upang madisiplina ang mga bata at anong klaseng disiplina ang nais nila. Sa mga "child psychologists", sa mga guro, mga nakakatanda at lalo na para sa mga magulang na kalimitang namamalo ng anak. Makatutulong ito upang magkaroon sila ng magandang relasyon dahil sa tulong ng pag-aaral na ito ay mas maiintindihan na nila ang kanilang mga anak.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## MGA NILALAMAN

Pahina

**PAHINA NG TITULO** ---------- 1
**ABSTRAK** ---------- 2
**KATIBAYAN NG PAGTANGGAP** ---------- 5
**PASASALAMAT** ---------- 6
**MGA NILALAMAN** ---------- 9

**KABANATA**

**I. PANIMULA**
Kaligiran ng Pag-aaral ---------- 11
Teyoretikal na Balangkas ---------- 15
Paglalahad ng Suliranin ---------- 18
Pagpapalagay ---------- 18
Kahalagahan ng Pag-aaral ---------- 19
Saklaw at Delimitasyon ---------- 20
Kahulugan ng mga Termino ---------- 21

**II. MGA KAUGNAY NA LITERATURA** ---------- 23

**III. METODOLOHIYA**
Disenyo ng Pananaliksik ---------- 46
Mga Kalahok ---------- 47
Instrumento ---------- 48
Pamamaraan ---------- 49

**IV. DATOS, INTERPRETASYON, AT ANALISIS** ---------- 51

**V. KABUUAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON**
Buod ---------- 56
Konklusyon ---------- 58
Rekomendasyon ---------- 61

**REPERENSYA** ---------------------------------------------------------------- 65

**APENDIKS**

**A** - Sertipikasyon ng Manunuri ---------------------------------------- 68
**B** - Liham ng Pakikiusap ---------------------------------------------- 69
**C** - Gabay na Katanungan ------------------------------------------ 70
**D** - *Tables* ------------------------------------------------------------ 72
**E** - *Graphs* ------------------------------------------------------------ 79
**F** - Datos mula sa *DSWD* ------------------------------------------ 81
**G** - Konstitusyon ------------------------------------------------------ 82
**H** - *Curriculum Vitae* ------------------------------------------------ 84

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines